# Ang Paninikluhod Yugto 1

Ang mabubuting bagay sa iyo ay hindi dapat mawala, na may kasamang paninikluhod sa paa ng Panginoon. Ang Banal na Kasulatan ay puno ng mga halimbawa at mga salaysay ng mga tao na nakilala at nasiyahan na mapasa Kanyang paanan.

1. "18 Samantalang sinasalita niya ang mga bagay na ito sa kanila, narito, dumating ang isang pinuno, at siya'y sinamba, na nagsasabi, Kamamatay pa lamang ng aking anak na babae: datapuwa't halina at ipatong mo ang iyong kamay sa kaniya, at siya'y mabubuhay." (Mateo 9:18) Ang taong ito'y nasa kawalan ng pag-asa na kailangan para sa Panginoon. Hinarap niya ang kamatayan ng kanyang anak na babae. Siya ay isang pinuno ngunit sa pangyayari ng kamatayan ay nagawa niyang magpakumbaba at giniba ang kanyang pagmamataas. Kahit na siya ay nasa mataas na katungkulan hindi niya iniisip ang tungkol sa makikita ng mga tao sa pagsamba sa Panginoon. Ang Hebrew salita para sa 'sinamba' ay 'Proskuneo', na ibig sabihin:

upang halikan ang kamay ng isang tao, bilang isang tanda ng paggalang.

upang lumuhod at ilapat ang ulo sa lupa bilang isang pagpapakita ng malalim na paggalang.

pagluhod o pagpapatirapa upang magbigay pugay (na maaring sabihin na pagtangi, paggalang, pagserbisyo at tungkulin), o gumawa ng pagyuko (na ibig sabihin ay yumuko) alinman na ipakita ang paggalang o gumawa ng pagsusumamo.

Ang lalaking ito ay dumating na nanikluhod sa paanan ni Jesus. Kaya sa Bagong Testamento nan gating binasa ang tungkol sa lalaki at sa mga taong sumamba sa Panginoon ay maaring ibig sabihin na sila'y pumunta upang humalik sa kanyang mga kamay, o lumuhod at ilapat sa lupa ang kanilang noo, o lumuhod upang magpugay o gumawa ng paggalang na nangangahulugang yumuko.

Marami ang sa kanila ay lumuhod sa harapan ng mga diosdiosan at ng mga estatwa, ngunit ang mga diosdiosan at estatwang ito ay dadalhin sila sa impierno. Gaano pa kaya na magpakumbaba at lumuhod sa paanan ng Panginoon na Nagbibigay ng buhay? Tingnan natin ngayon at basahin kung ano ang bunga at kung ano ang tinanggap ng pinuno nang siya ay pumunta sa Panginoon at lumuhod at sumamba sa kanya "19 At si Jesus ay nagtindig, at sumama sa kaniya, pati ng kaniyang mga alagad. At nang pumasok si Jesus sa bahay ng pinuno, at makita ang mga tumutugtog ng mga plauta, at ang mga taong nangagkakagulo, 23 At nang pumasok si Jesus sa bahay ng pinuno, at makita ang mga tumutugtog ng mga plauta, at ang mga taong nangagkakagulo,24 Ay sinabi niya, Magparaan kayo: sapagka't hindi patay ang dalaga, kundi natutulog. At tinawanan nila siya na nililibak.25 Datapuwa't nang mapalabas na ang mga tao, ay pumasok siya, at tinangnan niya siya sa kamay; at nagbangon ang dalaga.26 At kumalat ang pagkabantog na ito sa buong lupang yaon." (Mateo 9:19, 23-26) Si Jesus ay pumunta sa kanya at pinakalam ang mga tai, tiniyak sa kanila na siya buhay at binuhay siya mula sa kamatayan. Kung ikaw ay dumadaan sa mahirap na pagsubok at humaharap sa trahedya at malaking kaguluhan, sa gayon magpakumbaba, lumapit sa Panginoon at lumuhod at hingin sa Kanya na tulungan ka sa iyong buhay at alisin ka mula sa trahedyang iyon.

2. "1 At nang siya'y bumaba mula sa bundok, ay sinundan siya ng lubhang maraming tao.2 At narito, lumapit sa kaniya ang isang ketongin, at siya'y sinamba, na nagsasabi, Panginoon, kung ibig mo, ay maaaring malinis mo ako.3 At iniunat niya ang kaniyang kamay, at siya'y hinipo, na nagsasabi, Ibig ko; luminis ka. At pagdaka'y nalinis ang kaniyang ketong.4 At sinabi sa kaniya ni Jesus, Ingatan mong huwag sabihin kanino man; kundi humayo ka, pakita ka sa saserdote, at ihandog mo ang alay na ipinagutos ni Moises, na bilang patotoo sa kanila." (Mateo 8:1-4) Ang mga taong ketongin sila'y inilalagay sa labas ng lungsod at bayan dahil sila'y isinasaalang alang na hindi malinis. Ang Ketong ay karugtong ng kasalanan at ng espirituwal na kasamaan ng tao. Sila'y hindi kasama at hindi maaring pumasok ulit at bumalik sa normal ng buhay ng panlipunan at mapasa kanilang mga pamillya maliban na sila ay malinis. Kaya't ang tao na naapektuhan ng ketong ay naghahanap ng habag ng Diyos, kaya siya ay dumating at sumamba sa harapan ni Jesus at sinabi, "Panginoon, kung ibig mo, ay maaaring malinis mo ako." Ang kapareho sa ating ipinaliwanag sa naunang halimbawa. Siya ay nagmamakaawa sa habag ng Diyos at ang Kanyang kagustuhan upang pagalingin siya. * Kung ikaw ay nasa kasalanan at nakagawa ng mali, lumapit sa Panginoon sa pagsisisi at lumuhod sa kanyang paanan at magmakaawa sa kanyang awa upang patawarin ka, pagalingin ka at panumbalikin ka. * Kung ikaw ay nabubuhay sa isang masalimuot na buhay at sa ilalim ng mga pagsubok, sa gayon lumapit sa Panginoon at magpakumbaba, hinggin ang awa at makiusap sa Kanyan na alisin ka sa paghihirap na ikaw ay naroroon, at bigyan ka ng bagong pasimula ng buhay, malayo mula sa nakakapinsala sayo.

3. "14 At pagdating nila sa karamihan, ay lumapit sa kaniya ang isang lalake, na sa kaniya'y lumuhod, at nagsasabi.15 Panginoon, mahabag ka sa aking anak na lalake: sapagka't siya'y himatayin, at lubhang naghihirap; sapagka't madalas na siya'y nagsusugba sa apoy, at madalas sa tubig.16 At siya'y dinala ko sa iyong mga alagad, at hindi nila siya mapagaling.17 At sumagot si Jesus at sinabi, Oh lahing walang pananampalataya at taksil, hanggang kailan titiisin ko kayo? dalhin ninyo siya rito sa akin.18 At pinagwikaan siya ni Jesus; at ang demonio ay lumabas sa kaniya: at ang bata'y gumaling mula nang oras ding yaon." (Mateo 17:14-18) Ang isa pang tao na nasa kaguluhan dahil sa kalagayan ng kanyang anak na may kondisyon sa kaisipan na sinaniban ng demonio, Siya;y nagpakumbaba , pumunta at lumapit sa Panginoon at lumuhod sa harapan niya at hiningi sa Kanya ang habag. Maari mong gawin ang kapareho at lumapit sa Panginoon ng may kababaang loob at hinggin ang Kanyang habag upang lutasin ang iyong kasalukuyang seryosong suliranin. "Magsilapit nga tayong may pagkakatiwala sa luklukan ng biyaya, upang tayo'y magsipagtamo ng awa, at mangakasumpong ng biyaya upang tumulong sa atin sa panahon ng pangangailangan." (Hebreo 4:16)

4. "21 At umalis doon si Jesus, at lumigpit sa mga sakop ng Tiro at Sidon.22 At narito, ang isang babaing Cananea na lumabas sa mga hangganang yaon, 22 at nagsisigaw, na nagsasabi, Kahabagan mo ako, Oh Panginoon, ikaw na Anak ni David; ang aking anak na

babae ay pinahihirapang lubha ng isang demonio.23 Datapuwa't siya'y hindi sumagot ng anomang salita sa kaniya. At nilapitan siya ng kaniyang mga alagad at siya'y pinamanhikan, na nangagsasabi, Paalisin mo siya; sapagka't nagsisisigaw siya sa ating hulihan.24 Datapuwa't siya'y sumagot at sinabi, Hindi ako sinugo kundi sa mga tupang nangaligaw sa bahay ni Israel.25 Datapuwa't lumapit siya at siya'y sinamba niya, na nagsasabi, Panginoon, saklolohan mo ako.26 At siya'y sumagot at sinabi, Hindi marapat na kunin ang tinapay sa mga anak at itapon sa mga aso.27 Datapuwa't sinabi niya, Oo, Panginoon: sapagka't ang mga aso man ay nagsisikain ng mga mumo na nangalalaglag mula sa dulang ng kanilang mga panginoon.28 Nang magkagayo'y sumagot si Jesus at sinabi sa kaniya, Oh babae, malaki ang pananampalataya mo: mangyari sa iyo ayon sa ibig mo. At gumaling ang kaniyang anak mula sa oras na yaon." (Mateo 15: 21-28) Ang pananampalataya ng babaeng ito ay sinubok sa pamamagitan ng kakila-kilabot na kaguluhan sa kanyang anak na babae na inaalihan ng demonio. Siya'y pumunta sa mga disipolo ngunit siya'y hindi nila tinanggap; na hiniling sa Panginoon na siya ay paalisin. Ang Panginoong Jesus Mismo ay tahimik sa kanyang panalangin at kahilingan. Kahit nang sinalita Niya sa kanya, sinabi sa kanya, "Hindi ako sinugo kundi sa mga tupang nangaligaw sa bahay ni Israel." Ngunit siya ay may malaking pananampalataya, siya'y lumapit at sinamba siya sa naninikluhod sa harapan niya at sinabi, "Panginoon, saklolohan mo ako." At kahit sinabi sa kanya ni Jesus, "Hindi marapat na kunin ang tinapay sa mga anak at itapon sa mga aso." Ang babae ay hindi umalis at kundi sinabi niya "Oo, Panginoon", sumangayon siya at tinanggap na mapahiya, at inagdagdag pa habnag siyang nakaluhod, "sapagka't ang mga aso man ay nagsisikain ng mga mumo na nangalalaglag mula sa dulang ng kanilang mga panginoon." *Matutunan mo ang mabuting mga aral mula sa buhay ng mapagkumbabang babae na ito at kung paanong siya ay may malaking pananampalataya na nakagawa niyang tanggapin ang biyaya ng Diyos at habag sa pamamagitan ni JesuCristo na ating Panginoon. *Ang paninikluhod sa harapan ng Panginoon ay ang iyong kagustuan na wasakin at pagtagumpayan ang iyong pagmamataas at magpasakop sa kanyang kalooban. * Kapag ang pagmamataas wala ng pamumuno sa iyong buhay sa gayon makikita mong madali na mapagtagumpayan ang pagtanggi, ang kahihiyan, at ang pagbubukod. Maari mong tanungin, Paanong ang babaing iyon ay ibinukod? Sa hindi pagtanggap ng mga disipolo. * Kapag ang pagmamataas ay hindi na namumuno sa iyong buhay sa gayon makikita mo ang iyong sarili ay hindi kana madaling masaktan, hindi na madaling magalit at hindi na natitisod sa mahirap na katuruan gaya ng sinabi ng Panginoong Jesus sa babae "Hindi marapat na kunin ang tinapay sa mga anak at itapon sa mga aso." * Kapag ang kababaang loob ang namamahala at naghahari sa iyong buhay makikita mo ang iyong sarili na may makaLangit na karunungan at ang iyong pananampalataya ay dadaan sa matagumpay sa pagsubok, at ang Panginoon ang tatanggap sayo gaya ng pagtanggap Niya sa pananampalataya ng babaeng iyon pagkatapos niyang sabihin sa kanya, "sapagka't ang mga aso man ay nagsisikain ng mga mumo na nangalalaglag mula sa dulang ng kanilang mga panginoon."

Ang lahat ng nasa itaas na halimbawa ay tungkol sa mga taong pumunta at lumuhod sa harapan ng Panginoon, sila'y naghihirap sa kakila-kilabot na mga kalagayan na naghatid ng kababaang loob at pananampalataya sa kanilang buhay upang lumapit sa Panginoon, manikluhod sa harapan Niya at hinggin ang tulong Niya.

Sa sumusunod na halimbawa at makikta natin ang isa pang tao na lumuhod sa harapan ng Panginoon. Ang taong ito ay ang lingkod ni Abraham na ipinadala ni Abraham sa kanyang sariling bansa at mga kamag-anak upang makakuha ng asawa para kay Isaac. Siya ay inutusan na huwag kumuha ng isang babae mula sa mga taga Kaneneo at huwag dalhin si Isaac doon. Ang lingkod na ito ay lumuhod habang siya ay nasa misyon. Ating basahin ang salaysay sa Genesis 24 tungkol sa alagad at kung ano ang ating matutunan tungkol sa mabuting pananampalataya sa Diyos.

5. "10 At kumuha ang alilang katiwala ng sangpung kamelyo sa mga kamelyo ng kaniyang panginoon, at yumaon; na dala ang pinakamabuti sa lahat ng pag-aari ng kaniyang panginoon: at tumindig at napasa Mesopotamia, sa bayan ni Nachor.11 At kaniyang pinaluhod ang mga kamelyo sa labas ng bayan, sa tabi ng balon ng tubig, ng dakong palubog na ang araw, na kapanahunan nang paglabas ng mga babae upang umigib ng tubig.12 At sinabi, Oh Panginoon, Dios ng aking panginoong si Abraham, ipinamamanhik ko sa iyong pagkalooban mo ako ng mabuting kapalaran ngayon, at ikaw ay magmagandang loob sa aking panginoong kay Abraham.13 Narito, ako'y nakatayo sa tabi ng bukal ng tubig: at ang mga anak na babae ng mga tao sa bayan, ay nagsilabas upang umigib ng tubig:14 At mangyari nga na ang dalagang aking pagsabihan, Ibaba mo, isinasamo ko sa iyo, ang iyong banga upang ako'y uminom; at siya'y magsabi, Uminom ka, at paiinumin ko pati ng iyong mga kamelyo: maging siyang iyong itinalaga sa iyong lingkod na kay Isaac: at sa ganito ay malalaman kong nagmagandang loob ka sa aking panginoon.15 At nangyari, na bago natapos ang pananalita niya, ay narito si Rebeca na ipinanganak kay Bethuel, na anak ni Milca, na asawa ni Nachor na kapatid ni Abraham na lumalabas na pasan ang kaniyang banga sa kaniyang balikat.16 At ang babae ay may magandang anyo, dalaga, na hindi pa nasisipingan ng lalake: at lumusong sa bukal, at pinuno ang kaniyang banga, at umahon.17 At tumakbong sinalubong siya ng alilang katiwala na sinabi, Makikiinom ako ng kaunting tubig sa iyong banga.18 At sinabi niya, Uminom ka, panginoon ko: at nagmadaling ibinaba ang banga sa kaniyang kamay, at pinainom siya.19 At pagkatapos na kaniyang mapainom, ay sinabi, Iyiigib ko naman ang iyong mga kamelyo, hanggang sa makainom na lahat.20 At ibinuhos na dalidali ang kaniyang banga sa inuman, at tumakbong muli sa balon upang umigib at iniigib ang lahat niyang kamelyo.21 At siya'y tinitigan ng lalake; na hindi umiimik, upang maalaman kung pinagpala ng Panginoon ang kaniyang paglalakbay o hindi.22 At nangyari, nang makainom ang mga kamelyo, na kumuha ang lalake ng isang singsing na ginto, na may kalahating siklo sa timbang, at dalawang pulsera upang ilagay sa kaniyang mga kamay, na may timbang na sangpung siklong ginto;23 At sinabi, Kaninong anak ka? sabihin mo sa akin, ipinamamanhik ko sa iyo. May lugar ba sa bahay ng iyong ama na aming matutuluyan?24 At sinabi niya sa kaniya, Anak ako ni Bethuel, na anak ni Milca, na ipinanganak niya kay Nahor.25 Sinabi rin niya sa kaniya, Mayroon din naman kaming saganang dayami at pagkain sa hayop, at dakong matutuluyan.26 At lumuhod ang lalake at sumamba sa Panginoon.27 At siya'y nagsabi, Purihin ang Panginoon, ang Dios ng aking panginoong si Abraham, na hindi inilayo ang kaniyang habag at ang kaniyang pagtatapat, sa aking panginoon: tungkol sa akin, ay pinatnugutan ako ng Panginoon sa daan hanggang sa bahay ng mga kapatid ng aking panginoon.28 At tumakbo ang dalaga at isinaysay sa sangbahayan ng kaniyang ina ang ayon sa mga salitang ito.29 At mayroon si Rebeca na isang kapatid na nagngangalang Laban: at tinakbo ni Laban ang lalake sa labas, sa bukal.30 At nangyari, pagkakita ng singsing, at ng mga pulsera sa mga kamay ng kaniyang kapatid, at pagkarinig ng mga salita ni Rebeca na kaniyang kapatid, na sinasabi, Gayon sinalita sa akin ng lalake; na naparoon siya sa lalake; at narito, ito'y nakatayo sa siping ng mga kamelyo, sa bukal.31 At sinabi niya, Pumasok ka, pinagpala ng

Panginoon; bakit ka nakatayo sa labas? sapagka't inihanda ko ang bahay, at ang dako ng mga kamelyo.32 At pumasok ang lalake sa bahay, at kinalagan ang mga kamelyo; at binigyan ni Laban ng dayami at pagkain ang mga kamelyo, at ng tubig upang ipaghugas ng kaniyang mga paa, at ng mga paa ng mga taong kasama niya.33 At siya'y hinainan nila ng pagkain: datapuwa't kaniyang sinabi, Hindi ako kakain hanggang hindi ko nasasabi ang aking sadya. At sinabi ni Laban, Magsalita ka.34 At kaniyang sinabi, Alilang katiwala ako ni Abraham.35 At pinagpalang mainam ng Panginoon ang aking panginoon; at siya'y naging dakila: at siya'y binigyan ng kawan at bakahan, at ng pilak at ng ginto, at ng mga aliping lalake, at babae, at ng mga kamelyo, at ng mga asno.36 At si Sara na asawa ng aking panginoon, ay nagkaanak ng lalake sa aking panginoon, nang siya'y matanda na: at siyang pinagbigyan ni Abraham ng kaniyang lahat na inaari.37 At pinapanumpa ako ng aking panginoon, na sinasabi, Huwag mong papag-aasawahin ang aking anak sa mga anak na babae ng mga Cananeo na siyang lupaing aking tinatahanan:38 Kundi paroroon ka sa bahay ng aking ama at sa aking kamaganakan, at papag-aasawahin mo roon ang aking anak.39 At sinabi ko sa aking panginoon, Sakaling hindi iibigin ng babaing sumama sa akin.40 At kaniyang sinabi sa akin, Ang Panginoon na sa harap niya'y lumalakad ako, ay susuguin niyang kasama mo ang kaniyang anghel, at kaniyang pagpapalain ang iyong lakad, at papag-aasawahin mo ang aking anak sa aking kamaganakan, at sa angkan ng aking ama:41 Kung magkagayo'y makakakawala ka sa aking sumpa, pagka ikaw ay dumating sa aking kamaganakan; at kung hindi nila ibigay sa iyo, ay makakakawala ka sa aking sumpa.42 At dumating ako ng araw na ito, sa bukal, at aking sinabi, Oh Panginoon, na Dios ng aking panginoong si Abraham, kung ngayo'y pinagpapala mo ang aking lakad na nilalakad ko:43 Narito, nakatayo ako sa tabi ng bukal ng tubig; at mangyari, na ang dalagang lumabas na umigib na aking pagsasabihan, Makikiinom ako sa iyo ng kaunting tubig sa iyong banga;44 At siya'y magsasabi sa akin, Uminom ka, at iyigib ko pati ng iyong mga kamelyo: ay siyang maging babaing itinalaga ng Panginoon sa anak ng aking panginoon.45 At bago ko nasalita sa sarili, narito si Rebeca, na lumalabas na pasan ang kaniyang banga sa kaniyang balikat; at lumusong sa bukal at umigib: at aking sinabi sa kaniya, Makikiinom ako sa iyo.46 At dalidali niyang ibinaba ang kaniyang banga sa kaniyang balikat, at nagsabi, Uminom ka, at paiinumin ko pati ng iyong mga kamelyo: sa gayo'y uminom ako, at pinainom niya pati ng mga kamelyo,47 At siya'y aking tinanong, at aking sinabi, Kaninong anak ka? at kaniyang sinabi, Anak ako ni Bethuel, na anak ni Nachor, na ipinanganak sa kaniya ni Milca: at inilagay ko ang hikaw sa kaniyang ilong, at ang mga pulsera sa kaniyang mga kamay, 48 At aking iniyukod ang aking ulo, at sumamba ako sa Panginoon at pumuri sa Panginoon, na Dios ng aking panginoong si Abraham, na pumatnubay sa akin sa daang matuwid upang kunin ang anak ng kapatid ng aking panginoon, para sa kaniyang anak.49 At ngayon, kung inyong mamagandahing loob at mamatapatin sa aking panginoon ay sabihin ninyo sa akin: at kung hindi, ay sabihin din ninyo sa akin; upang pumihit ako sa kanan o sa kaliwa." (Genesis 24:10-49)

Ang sumusunod ay ating mapagmamasdan ang tungkol sa lingkod na ito:
Nahaharap siya sa isang kaguluhan o sa matinding kagipitan sa kanya mismo gaya ng iba sa naunang mga halimbawa. Ngunit siya ay tapat sa Panginoon at masigasig na gawin ang gawain na ipinagkatiwala sa kanya mula sa kanyang panginoon. Ikaw ba ay tapat sa gawain na ipinagkatiwala sa iyo ng Panginoon? Gusto ng Diyos na pasanin mo ang gawain at ang responsibilidad ng iyong ministerio nang maayos gaya ng ginagawa mo ito sa Panginoon.

Ang lahat ng mga tao sa naunang halimbawa ay nasa kakila-kilabot na kalagayan at sila ay hindi nahihiya sa mga tao na lumuhod sa harapan ng Panginoon. Ang ibang tao ay lumuluhod mula sa desperadong suliranin sa kanilang buhay, ngunit ang lalaking ito ay lumuhod at sumamba sa Panginoon kahit na siya ay nasa publiko nang sinagot ng Panginoon ang kanyang mga panalangin. Ang lalaking ito ay nanikluhod sa kanyang katapatan at pagpapasalamat sa Panginoon na sumagot ng kanyang mga panalangin.

Ang kanyang pananampalataya sa Panginoon ay nakagawa sa kanya na magkaroon ng malinaw na paninindigan upang maglingkod sa Diyos at gawin nag misyong gawain na ipinagkatiwala sa kanya. Sa kanyang pananampalataya ay ipinakita sa kahang-hangang panalagin, pagluhod, at pagsamba, Siya rin ay nagpatotoo sa mga tao na para sa kanya upang mahanap si Rebeka bilang asawa para kay Isaac ay gawa ng Panginoon nang kanyang sinabi, "At aking iniyukod ang aking ulo, at sumamba ako sa Panginoon at pumuri sa Panginoon, na Dios ng aking panginoong si Abraham, na pumatnubay sa akin sa daang matuwid upang kunin ang anak ng kapatid ng aking panginoon, para sa kaniyang anak." (Genesis 24:48) Pinalawak niya at nanindigan sa kanyang pananampalataya nang hinamon niya ang pamilya ni Rebeka ng sumusunod: "At ngayon, kung inyong mamagandahing loob at mamatapatin sa aking panginoon ay sabihin ninyo sa akin: at kung hindi, ay sabihin din ninyo sa akin; upang pumihit ako sa kanan o sa kaliwa." (Genesis 24:49) Nalalaman niya na pinatnubayan siya ng Diyos upang mahanap si Rebeka at ito ay nasa sa kanila upang sumunod sa Diyos at tumalima sa Kanyang kalooban para ibigay si Rebeka kay Isaac bilang asawa.

Sa aking mahal at minmahal: Ang pagsubok sa buhay at sa iba't ibang mga karanasan ay siyang magpapatatag sa ating pananampalataya sa Panginoon. Paninikluhod sa harapan ng Panginoon ay hindi lamang isang paraan upang ipakita ang ating pananampalatya at ang ating paggalang sa Panginoon, kundi sa halip ay pagpapakita ng ating mabuting pananampalataya at tamang kaugnayan sa Panginoon, ang Lumikha ng Langit at lupa at ang Nagbibigay ng Buhay at ang ating tamang pagtugon sa Kanya at sa Kanyang kautusan. Ang Salita ng Diyos sa mensaheng ito ay tutulong sayo upang maunawaan kung paano sumamba sa Diyos at kung paano mabuhay para sa Kanya at panglingkuran Siya.

Ang aking Panalangin: Amang Diyos Ako ay lumalapit sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa iyong salita na nagpamulat sa aking mga mata upang makita ang bagong mga bagay.

Ating hilingin sa Diyos ang kapatawaran ng ating mga kasalanan. Panginoon patawarin ako sa sumusunod na mga kasalanan

Panginoon tulungan moa ko at lutasin mo para sa akin ang suliraning ito na aking ilalagak sa iyong mga kamay

Panginoon dagdagan mo ang aking pananampalataya sa iyo at tulungan mo akong matutunan pa mula sa mga pangyayari na hinahayaan mong pagdaanan ko sa aking buhay. Panginoon paalalahanan mo akong palagi na lumuhod sa iyong paanan upang hinggin ang iyong habag at biyaya sa panahon na kailangan at ipakita ang aking pagpapasalamat sa lahat ng iyong tulong at biyaya.

Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili na maglingkod sayo at maging tapat sa gawain na ipinagkatiwala mo sa akin na gawin sa aking buhay. Panginoon tulungan mo akong itakwil ang aking sarili at ang aking sariling kagustuhan sa buhay. Panginoon ipinapangko kong magpaparami ng higit na bunga ng Banal na Espiritu, pagibig, kapayapaan, kaamuhan, kaamuhan, kabutihan, pagpipigil sa sarili, pagpapahinuhod, pagtiiyaga at mahabang pagtitiis, na makita ng mga tao ang katangian ni Jesus sa aking buhay.

Panginoon aking ipinapanalangin ang aking mga kapatid na Lalaki at Babae na tinanggap ang iyong Salita at handang mabuhay ng kanilng buhay at maglingkod sayo ayon sa iyong Salita. Panginoon protektahan mo sila at ibigay ang lahat ng kanilang mga pangangailangan. Panginoon iligtas mo sila sa lahat ng paguusig at mga paglusob ng diablo.

Panginoon pagpalain kami at itahuyod kami bilang simbahan. Panginoon tulungan kami, protektahan kami, at ibigay ang para sa amin na magpatuloy sa paglilingkod sa iyo at gawin ang iyong Gawain at ang iyong kaloban. Panginoon kami'y nanalangain na tulungan kami para lutasin ang suliraning ito at iligtas kami mula sa suliraning ito. Panginoon kami'y nanalangain na puspusin mo kaming muli ng iyong Banal na Espiritu at paging dapatin kami na maglingkod sa iba ng may pagibig. Panginoon pangunahan kami na magtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan at tuparin ang pananw ng simbahan 'Pagpaparami sa Kapayapaan sa Pagpapatupad ng Buong Kalooban ng Diyos'. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com